Tagalog

Government of **Western Australia**
Department of **Health**
**Public and Aboriginal Health Division**

# Programang imunisasyong batay sa paaralan sa Taon 10 – impormasyon para sa mga magulang

## Ano ang meningococcal na sakit?

Ang meningococcal na sakit ay hindi karaniwan, pero minsan ay banata sa buhay na sakit. Ang sakit ay resulta ng bakteryal na impeksiyon ng dugo at/o mga membrane na nakalinya sa gulugod at utak.

Bagaman magagamot gamit ang antibayotiko, maaaring napakabilis susulong ang impeksiyon, kaya mahalaga na ang sinuman na nakakaranas ng mga sintomas ng meningococcal na sakit ay agarang makakahingi ng medikal na atensiyon.

Sa anumang isang oras, tinatayang 10 porsiyento ng mga malulusog na tao ay may dalang meningococcal na bakterya nang hindi nakakasakit sa kanilang ilong o lalamunan, at hindi nagkakasakit.

## Paano kumakalat ang meningococcal na sakit?

Ang meningococcal na bakterya ay kumakalat sa pamamagitan ng mga respiratoryong sekresyon (pag-ubo, pagbahing, o paghalik). Hindi nabubuhay ang bakterya ng mahigit sa ilang segundo sa kapaligiran.

Ang sakit ay malamang na maikakalat lang sa mga napakamalapit na kontak, tulad ng mga taong nakatira sa parehong sambahayan, mga seksuwal na kontak at mga batang dumadalo sa parehong day care sa mahigit sa apat na magpapatuloy na oras.

## Bakit naghahandog ang WA Health ng programang pagbabakuna para sa mga estudyante sa Taon 10?

Ang meningococcal na sakit ay maaaring makaapekto sa anumang pangkat ng edad. Subalit, ang ilan sa mga pinakamataas na rate ng meningococcal carriage at sakit ay nagaganap sa mga nagdadalaga at nagbibinata at ang grupo ng edad na ito ay maaaring makahawa ng abkterya sa mga taong nasa mas mataas na peligro ng impeksiyon, kabilang ang mga batang bata.

Inaasahan na ang pag-immunize ng mga estudyante sa Taon 10 ay makakabawas sa pagkalat ng bakterya sa mga ibang tao at makakatulong na pigilan ang mga impeksiyon sa loob ng mas malaking komunidad.

## Ano ang kailangan kong gawin para matiyak na mababakunahan ang aking anak?

Bilang isang magulang/guardian, kailangan mong magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng:

VaccinateWA online platform (vaccinatewa.health.wa.gov.au)*

O

Sa pamamagitan ng pag-print ng porma sa healthywa.wa.gov.au/schoolimmunisations at pagbabalik nito sa paaralan

*Hindi makukuha ang opsyong ito sa mga paaralan na nasa loob ng Lungsod ng Joondalup at Christmas at Cocos Islands.

## Anong bakuna ang gagamitin at gaano ito kabisa?

Gagamitin ang Meningococcal ACWY na bakuna. Nagbibigay ng proteksiyon ang bakunang ito laban sa apat na serogroup ng meningococcal na bakterya: A, C, W at Y. Gagamitin ang brand na bakunang Nimenrix® sa batay sa paaralang programang ito.

Ang mga bakunang ito ay ligtas at mabisa. Ang mga programang pagbabakuna ng Meningococcal ACWY ay pinatutupad sa mga nagbibinata at nagdadalaga na nasa edad na 13–15 taon sa UK mula noong 2015 at mga nagbibinata at nagdadalaga na nasa edad na 11–12 sa US mula 2005 nang walang mga makabuluhang alalahaning inulat. Ang bakuna ay karaniwang hinahandog bilang isang dosis. Ang higit na mga dosis ay nirerekomenda para sa mga nasa mas mataas na peligro ng sakit na ito at sa mga nagbibiyahe kung saan karaniwan ang sakit na ito. Ipinakita ng mga pag-aaral na ang bisa ng mga meningococcal ACWY na bakuna ay nasa pagitan ng 80–85 porsiyento sa mga nagbibinata at nagdadalaga.

## Sino ang hindi dapat makakuha ng bakunang ito?

Sabihin sa taong nagbibigay ng bakuna kung:

- **mayroon kang anumang malalang, banta sa buhay na mga allergy.**

  Kung mayroon kang banta sa buhay na allergic na reaksiyon matapos ang nakaraang dosis ng meningococcal ACWY na bakuna, o kung may malala kang allergy sa anumang bahagi ng bakunang ito, hindi ka dapat makakuha ng bakunang ito. Masasabi sa iyo ng iyong tagapaglaan ang tungkol sa mga sangkap ng bakuna.

- **buntis ka o nagpapasuso.**

  Ang mga meningococcal na bakuna ay hindi karaniwang nirerekomenda para sa mga buntis o nagpapasusong kababaihan pero maaaring ibigay kung saan klinikal na natukoy. Pakitalakay nang higit pa sa iyong GP kung maaari kang buntis o nagpapasuso.

## Ano ang mga side effect ng bakuna?

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may pagkakataon ng mga karaniwang salungat na reaksiyon. Ang mga ito ay karaniwang banayad at kusang mawawala. Posible din ang mga malalang reaksiyon, pero bihira. May napakaliit na pagkakataon na ang bakuna ay nagdudulot ng malalang pinsala o pagkamatay. Hindi ka makakakuha ng meningococcal na impeksiyon mula sa bakuna.

Kasama sa mga karaniwang salungat na kaganapan ang kirot, pamumula at pamamaga sa lugar ng iniksiyon, lagnat, pagka-iritable, pagkaantok, bawas na ganang kumain, sakit ng ulo, pagbubutlig at pagduruwal. Subalit, ang mga seryosong salungat na kaganapan ay bihira.

Ang mga bakuna ay patuloy na sinusuri para masiguro na ito ay ligtas at mabisa. Para sa impormasyon tungkol sa kaligtasan ng bakuna at karaniwan at mga bihirang side-effect, mangyaring magbasa pa sa: healthywa.wa.gov/immunisation

HealthyWA
healthywa.wa.gov.au

Maaaring maging available ang dokumentong ito sa mga alternatibong anyo kapag hiniling para sa taong may kapansanan.

Gawa ng Communicable Disease Control Directorate
© Department of Health 2024

Ang copyright sa materyales na ito ay nakalaan sa State of Western Australia maliban kung iba ang nakatukoy. Maliban sa anumang patas na pangangasiwa para sa mga layunin ng pribadong pag-aaral, pananaliksik, kritisismo o pagrepaso, ayon sa pinahihintulutan sa ilalim ng mga probisyon ng *Copyright Act 1968*, walang bahagi ay maaaring i-reproduce o muling gamitin para sa anumang mga layunin nang walang nakasulat na pahintulot ng State ng Western Australia.

## Paano kung may malalang reaksiyon – ano ang dapat kong hanapin?

Maghanap ng kahit nas ano ang tungkol sa iyo, tulad ng mga senyales ng malalang allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o kakaibang pag-uugali. Maaaring kasama sa mga senyales ng malalang allergic na reaksiyon ang hives, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at kahinaan – karaniwang sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras makalipas ang pagbabakuna. Para sa anumang malalang reaksiyon, tumawag ng ambulansiya o pumunta sa pinakamalapit mong emergency department.

## Ano ang dapat kong gawin?

Makakatulong ang paracetamol na mapababa ang banayad na lagnat o kirot at ang malamig na mamasa-masang bimpo ay makakapagpababa din sa kirot sa lugar ng iniksiyon. Mangyaring humingi ng medikal na payo o pumunta sa lokal na emergency department kung mayroon kang anumang reaksiyon na sa palagay mo ay malala o hindi inaasahan.

O tumawag sa ***healthdirect Australia*** sa 1800 022 222.

Lahat ng mga tagapaglaan ng immunisasyon sa WA ay inaatasan ng batas na mag-ulat ng salungat na reaksiyon kasunod ng immunisasyon. Maaari ring mag-ulat ang mga magulang ng mga alalahanin tungkol sa anumang mga malalang reaksiyon matapos ang immunisasyon. Matuto pa sa healthywa.wa.gov.au/WAVSS o tumawag sa 6456 0208.

## Mga Makokontak

**Ang iyong lokal na doktor, parmasyutiko, sentro ng kalusugang pangkomunidad, ospital, o yunit ng pampublikong kalusugan sa** healthywa.wa.gov.au/publichealthunits

**healthdirect Australia**
Telepono: 1800 022 222

## Karagdagang impormasyon

**Kagawaran ng Kalusugan**
healthywa.wa.gov.au/immunisation

**Kagawaran ng Kalusugan ng Komonwelt**
1800 671 811 o
health.gov.au/health-topics/immunisation

IMM-013356 ENE'23